Mga Bakuna sa COVID-19

Ano ang Kailangang Malaman ng mga Magulang

MAAARI BANG MAGPABAKUNA SA COVID ANG AKING ANAK?

Ang mga batang 12 taong gulang pataas ay maaaring bakunahan ng bakunang Pfizer.

- Ang mga bakuna ay libre para sa lahat.
- Hindi mo kailangang mayroong seguro (insurance).
- Hindi ka tatanungin tungkol sa katayuan mo sa imigrasyon.
- Ang lahat ay maaaring bakunahan, kabilang ang karamihang tao na mayroong mga alerdyi.

DAPAT KO BANG PABAKUNAHAN ANG AKING ANAK SA COVID-19?

- Oo! Ang mga bakuna sa COVID-19 ay **ligtas at mabisa**.
- Ang impeksyon sa COVID-19 ay madalas na mas banayad sa mga bata, ngunit ang ilang mga bata ay maaaring malubhang magkasakit o magkaroon ng pangmatagalang problema sa kalusugan.
- Maaaring maikalat ng mga bata ang virus sa ibang tao. Tulungang protektahan ang iyong pamilya sa pamamagitan ng pagpapabakuna sa iyong sarili at sa iyong mga anak.

SAAN KO MAAARING PABAKUNAHAN ANG AKING ANAK?



Tanungin ang doktor ng iyong anak, isang lokal na parmasya, o bisitahin ang **VaccinateLACounty.com** upang makahanap ng lugar ng bakunahan na malapit sa iyo. Maghanap ng mga pop-up na klinika sa paaralan ng iyong anak.

Hindi na kailangan ng appointment sa maraming lokasyon.

Tawagan ang DPH na Sentro ng Tawagan para sa Bakuna (Vaccine Call Center) sa **833-540-0473** kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng bakuna, kailangan ng transportasyon para pumunta sa isang lugar, o humiling na mabakunahan sa bahay para sa isang batang hindi nakakalabas ng bahay. Bukas araw-araw mula 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi.

Magagamit ang impormasyon sa maraming wika 24/7 sa pagtawag sa 2-1-1.

ANO ANG MGA EPEKTO (SIDE-EFFECTS)?

- Ang mga bata ay tumatanggap ng parehong dosis ng bakuna at mayroong parehong mga epekto tulad ng sa matatanda.
- Ang mga epekto ay maaaring kabilangan ng nananakit o namumulang braso, pakiramdam ng pagkapagod, lagnat, panggiginaw, sakit ng ulo o kalamnan. Hindi lahat ay nagkakaroon nito.
- Ang mga ito ay pangkaraniwan at isang palatandaan na ang sistema ng pagliligtas sa sakit (immune system) ng iyong anak ay **bumubuo ng proteksyon**.
- Maaaring maapektuhan nito ang kakayahan ng iyong anak na gawin ang ilang pang-araw-araw na aktibidad ngunit mawawala rin sa loob ng ilang araw.

Mga Bakuna sa COVID-19

Ano ang Kailangang Malaman ng mga Magulang

LIGTAS BA SA MGA BATA ANG MGA BAKUNA SA COVID-19

- Ang iyong anak ay hindi makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.
- Ang mga bakuna ay sinubukan na sa sampung libo-libong mga tao, kabilang ang mga tao sa lahat ng edad, lahi at mga taong may medikal na kondisyon at ito ay napag-alamang ligtas.
- Ang bawat hakbang na kinakailangan upang siguruhin na ang isang bakuna ay ligtas at mabisa ay sinunod.
- May kaunting bilang ng mga tao, karamihan ay matatanda at kabataan ay nagkaroon ng pamamaga ng puso (myocarditis at pericarditis) pagkatapos magpabakuna ng Pfizer o Moderna. Ito ay napakabihira. Karamihan sa mga kaso ay banayad at tumutugon nang mahusay sa paggamot at pahinga. Ang myocarditis at pericarditis ay mas pangkaraniwan sa mga taong nagkaroon na ng COVID-19, at ang mga panganib sa puso mula sa impeksyon ng COVID-19 ay maaaring maging mas malubha. **Ang mga benepisyo mula sa bakuna ay mas dumadaig sa mga panganib.**
- Walang ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay nakakaapekto sa pag-yabong ng kabataan (adolescent development) at kakayahang magka-anak sa hinaharap.
- Kung mayroon kang mga katanungan o pagkabahala, makipag-usap sa doktor ng iyong anak.

BAGO BAKUNAHAN ANG IYONG ANAK

- Kausapin ang iyong anak tungkol sa bakuna, ang posibleng mga epekto, at kung ano ang aasahan sa kanilang pagbisita sa pagpapabakuna.
- Siguruhin na ang lugar ng bakunahan ay nag-aalok ng Pfizer.
- Tingnan kung paano ang **pahintulot ng magulang** ay kailangang ibigay.
- Hayaang makahabol sa iba pang mga bakuna ang iyong anak. Maaaring ibigay ang bakuna sa COVID-19 nang sabay, bago, o pagkatapos ng iba pang nakagawiang mga bakuna.

PAGKATAPOS MABAKUNAHAN

- Ang iyong anak ay **ganap nang nabakunahan** 2 linggo pagkatapos nilang mabakunahan ng kanilang ika-2 bakuna ng Pfizer. Inaabot ng ilang panahon ang katawan para makabuo ng imyunidad.
- Sa sandaling ganap nang nabakunahan ang iyong anak, sila ay protektado kapag sila ay bumibisita sa mga kaibigan, naglalaro ng palakasan, naglalakbay para makita ang pamilya, at pagbalik sa paaralan.
- Kung ang iyong anak ay ganap nang nabakunahan, hindi sila kailangang ikulong (quarantine) kung ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya , guro o kasamahan sa koponan ay magka-COVID-19.

VaccinateLACounty.com

(Tagalog)

County of Los Angeles Public Health

6-28-21